

cencora

2025
Kodigo ng ethics
at business
conduct

Tungkol sa Kodigo na ito

Ang Kodigo ay inilaan bilang isang pangkalahatang gabay para sa pagsasagawa ng ating mga tungkulin at aktibidad alinsunod sa maayos na mga tamang prinsipyo.

4	Ang dedikasyon ng Cencora
5	Welcome
6	Sakop
7	Pagsunod
8	Mga Gumagabay na Prinsipyo
10	Gabay at pagre-report
18	Tamang pag-uugali
28	Pagsunod sa mga batas
36	Proteksyon at tamang paggamit ng mga asset ng kumpanya
40	Respeto para sa at kaligtasan ng mga miyembro ng team
44	Pananagutan para sa pagsunod sa Kodigo
48	Mga contact para sa gabay o pagre-report sa ilalim ng Kodigo
51	Pagkilala



Ang aming dedikasyon



Bob Mauch
Presidente at Punong
Ehekutibong Opisyal

Habang lumalaki ang Cencora bilang isang pandaigdigang organisasyon, ang ating magkakasamang responsibilidad para pangasiwaan ang ating mga sarili at ang ating negosyo nang tama at tapat ay patuloy ding lumalago. Kasabay nito, ang pananatiling masunurin ay nagiging mas kumplikado habang nagbabago rin ang mga batas, regulasyon, at patakarang dapat nating sundin. Kaya naman napakahalaga na ang bawat miyembro ng team ay maglaan ng oras upang masusing suriin ang Kodigo ng Etika at Pag-uugali sa Negosyo ngayong taon at muling i-commit ang iyong sarili sa pagsuporta ng Kodigo bilang bahagi ng ating culture of compliance (proseso na ginabayan at sinuportahan ng maraming tao para gumawa ng isang kapaligiran kung saan ang lahat ay maaaring magsalita at gawin ang tama).

Madalas naming pinag-uusapan ang paglalagay sa aming mga customer at kanilang mga pasyente sa sentro ng lahat ng aming ginagawa, at nangangailangan iyon na makipag-negosyo kami nang may pinakamataas na antas ng integridad. Araw-araw sa buong mundo, nakikipagtulungan ang mga miyembro ng aming team sa mga customer, supplier, stakeholder, at regulatory entity, at kinakailangang magsagawa kami ng mga transaksyon sa negosyo nang may integridad at katapatan. Ang Kodigo ay nagbibigay ng kinakailangang framework para sa kung paano tumatakbo ang ating negosyo at tinutukoy ang ating mga gumagabay na prinsipyo.

Sa ngalan ng team na namumuno at lupon ng mga direktor ng Cencora, nais kong pasalamat kayo sa lahat ng paraan na inyong isinasabuhay ang mga prinsipyong nakabalangkas sa Kodigo. Ang pagkumpleto ng inyong taunang pagsasanay at pagsusuri sa Kodigo ay dalawang mahalagang paraan na magagawa ninyo ang inyong bahagi para suportahan ang culture of compliance ng Cencora. Napakahalaga rin na gamitin ninyo ang programang SpeakUp kung mayroon kayong alalahanin tungkol sa anumang pag-uugali o aktibidad na tila hindi tama, hindi naaangkop, o hindi naaayon sa mga pangunahing prinsipyo ng ating Kodigo.

Salamat sa inyong patuloy na dedikasyon sa pagsunod, tamang pagpapasya, at sa ating nagkakaisang layunin.

Welcome



Jennifer E. Dubas
Nakatataas na Bise Presidente
at Punong Opisyal sa Pagsunod

Minamahal na mga miyembro ng team,

Sa pagsisimula natin sa panibagong taon ng piskalya ng pasuporta ng ating culture of compliance sa Cencora, gusto kong maglaan ng ilang sandali upang pasalamat kayo sa inyong dedikasyon sa pananagutan, integridad, at katapatan sa loob ng ating organisasyon. Taun-taon, ina-update namin ang Kodigo para ipakita ang mga pagbabago sa mga batas, regulasyon, at mga patakaran at iniayon namin ang Kodigo sa aming mga layunin sa negosyo at istraktura ng kumpanya. Ang inyong pagsunod sa Kodigo bilang isang miyembro ng team ng Cencora ay nagsisilbing pundasyon ng aming programa sa pagsunod.

Ang aming culture ng compliance ay magsisimula sa inyo. Ang value ng Kodigo ay lumalaki habang ginagawa ninyo itong bahagi ng inyong pang-araw-araw na gawain.

Sabik na kaming maka-partner kayo. Habang ang Kodigo ay isang pangunahing mapagkukunan, ang pandaigdigang network ng Cencora ng mga opisyal ng pagsunod, mga propesyonal sa privacy, mga kasamahan sa assurance function, at mga tagasuporta sa pagsunod ay magagamit upang suportahan ang inyong mga pagsisikap na isama ang mga prinsipyo ng ating Kodigo sa inyong mga aktibidad sa negosyo at para tulungan kayo sa pagtataguyod ng isang culture of compliance na sumasalamin sa ating layunin at mga gumagabay na prinsipyo.


Ang Kodigo ay tumutukoy sa kung sino tayo at kung paano tayo nakikipag-negosyo sa Cencora. Pribilehiyo namin na makipagtulungan at bigyan kayo ng pahintulot na makipag-ugnayan sa mga customer, supplier, vendor, kasamahan, at stakeholder na naaayon sa aming mga pangunahing pagpapahalaga habang sumusunod sa mga nauugnay na batas at regulasyon.

Magsalita at marinig. Ang pagtiyak sa matatag na pagsunod sa buong Cencora ay isang magkakasamang responsibilidad, at kinakailangang gamitin ninyo ang programang SpeakUp kung malalaman ninyo ang potensyal na hindi tamang pag-uugali, maling gawain, maling asal, o mga aksyon na sumasalungat sa ating Kodigo o anumang Patakaran sa Pagsunod ng Cencora. Mayroon kaming patakaran sa hindi paghihiganti, kaya makakaramdam kayo ng kumpiyansa na maririnig ang inyong opinyon kung magre-report kayo ng posibleng maling gawain nang may mabuting intensyon.

Salamat sa pagsusuri at muling pagpapatibay ng inyong dedikasyon sa Kodigo, pagkumpleto ng taunang mga kinakailangan sa pagsasanay, at pakikipag-ugnayan sa Compliance team para sa suporta sa buong taon. Ang iyong oras ay mahalaga, at pinahahalagahan namin ang inyong pakikipagtulungan.

Sama-sama, patuloy nating itataguyod ang pinakamataas na pamantayan ng ethics at pagsunod sa Cencora.





Sakop

Bilang isa sa pinakamalaking mga kumpanya ng serbisyo sa gamot sa mundo, ang Cencora, kabilang ang mga subsidiary at kaakibat nito (ang Kumpanya), ay nakatuon sa pagpapatupad ng mga layunin nito sa negosyo nang may pinakamataas na mga pamantayan ng ethics at sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon at panuntunan. Bilang bahagi ng dedikasyong ito, pinagtibay ng Kumpanya ang Kodigo ng Etika at Pag-uugali sa Negosyo na ito.

Ang lahat ng direktor, opisyal, at miyembro ng team ng Kumpanya (tinukoy bilang “mga miyembro ng team” sa Kodigo na ito) ay inaasahang mauunawaan at susundin ang mga legal na pamantayan at mga prinsipyo sa ethics na itinatag sa Kodigo na ito, para kumilos nang may pinakamataas na antas ng integridad at katapatan, at sumunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon at tuntunin.

Pagsunod

Ang Kodigo ay nilalayan bilang isang pangkalahatang gabay para sa pagsasagawa ng inyong mga tungkulin at aktibidad alinsunod sa maayos na mga prinsipyo sa ethics at sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas. Ang Kodigo ay sinusuri nang taun-taon at ina-update kung kinakailangan para matiyak na patuloy itong naaayon sa mga gawi at pamamaraan sa negosyo ng Kumpanya.

Hindi matutugunan ng Kodigo ang bawat isyu sa ethics na maaaring lumitaw sa ating mga aktibidad sa negosyo. Inaasahan kayong humingi ng patnubay mula sa inyong supervisor o isa sa mga mapagkukunan tungkol sa pagsunod na tinukoy sa dokumentong kapag kailangan ninyo ng karagdagang tulong sa pag-unawa sa inyong mga obligasyon ayon sa ethics.

Bilang karagdagan sa pagsunod sa Kodigo, ang mga miyembro ng team ay dapat sumunod sa mga karagdagang patakaran, pamamaraan, at iba pang gabay ng Kumpanya gaya ng naaangkop.

Higit pa rito, ang bawat kumpanyang nagpapatakbo, yunit ng negosyo o departamento ng Kumpanya ay maaaring magkaroon ng mga karagdagang patakaran at pamamaraan na higit na nagpapaliwanag sa inyong mga tama at legal na obligasyon.

Paminsan-minsan, makakatanggap kayo ng pagsasanay sa pagsunod na may kaugnayan sa ilang aspeto ng Kodigo at iba pang mga patakaran at pamamaraan ng Kumpanya.

Ang Kodigo ay hindi nilayon at hindi gagawa ng isang kontrata ng trabaho o katiyakan ng patuloy na pagtatrabaho.

Mga Gumagabay na Prinsipyo

Ang Mga Kodigo ay sumasalamín sa dedikasyon ng Kumpanya sa ating iisang layunin: **Kami ay nagkakaisa sa aming responsibilidad na gumawa ng mas magandang kinabukasan.** Sa pagtupad ng layuning ito, ginagabayan tayo ng mga prinsipyong ito:

Unahin ang mga tao.

Prayoridad natin ang kalusugan at kapakanan ng mga tao sa loob at labas ng Cencora.

- pahintulutan ang mga miyembro ng team na maging mahusay at bumuo ng mga kapaki-pakinabang na career
- makinig at tiyaking pinakikinggan ang nararamdaman ng iba
- kumonekta sa mga customer at kasosyo nang personal at tunay
- kumilos nang iniisip ang customer at pasyente

Maging bahagi ng solusyon.

Hinihikayat ang lahat na magsabi ng mga bagong ideya.

- maging handang sumubok at gumawa
- magkaroon ng pagkiling para sa pagkilos kaysa sa kumpiyansa
- maging bukas sa progreso
- malaman na ang mga pinakamakapangyarihang ideya natin ay nangyayari kapag nagkakaisa tayo

Isulong ang pagiging naiiba. Kumilos nang sama-sama.

Pinahalagahan namin ang kontribusyon ng lahat habang nagsusumikap kaming makamit ang mga nakabahaging layunin sa ilalim ng iisang layunin.

- maghanap ng mga pangmalawakan at pandaigdigang pananaw
- alisin ang pagkakanya-kanya
- bigyan ang lahat ng pagkakataong mag-ambag
- pagyamanin ang pagtutulongan

Magplano nang malaki. Maging mapagpakumbaba.

Sinisikap nating gumawa ng pagbabago at lutasin ang mga bagong problema dahil alam natin na ang tagumpay ay walang garantiya, o hindi binabalewala.

- magkaroon ng tiwala sa ating kakayahan na magtagumpay
- makita ang kahalagahan at pribilehiyo ng ating trabaho
- makipagsapalaran nang batay sa kaalaman at pagtantiya
- tanggapin ang mga kabiguan at magpatuloy

Sabihin ang totoo. Sabihin ito nang mabilis.

Kumikilos tayo nang walang itinatago at may respeto sa lahat ng aspeto ng trabaho natin.

- makipag-usap nang bukas at tapat
- maging responsable sa inyong mga ikinikilos
- maging handa na magkaroon ng mahihirap na pag-uusap
- aminin ang mga pagkakamali at magpatuloy nang may malasakit at maluwa na kalooban

Magkaisa para sa ating mga customer.

Kinakailangan sa mahalagang tungkulin natin sa pangangalagang pangkalusugan na kumilos ang bawat miyembro ng team nang iniisip ang customer at pasyente.

- kilalanin na lahat tayo ay nakakaapekto sa customer
- unawain ang pagiging agaran at ang kahalagahan ng mga pangangailangan ng mga customer
- tandaang ang anumang sandali, malaki man o maliit, ay maaaring gumawa ng pagbabago

10

Gabay at pagre-report

Ang bawat miyembro ng team ay inaasahan na sundin ang mga pangunahing prinsipyo ng tamang pag-uugali. Para tiyaking patuloy na tatakbo ang Kumpanya alinsunod sa Kodigo at sumusunod sa lahat ng naaangkop na batas, hinihiling ng Kumpanya na agad na i-report ng bawat miyembro ng team sa Kumpanya ang anumang pinaghihinalaang paglabag ng Kodigo, ang mga batas, regulasyon at mga panuntunang naaangkop sa Kumpanya o sa patakaran ng Kumpanya.

Maraming paraan upang ipahayag ang mga alalahanin sa Kumpanya. Ang programa sa pagsunod ng Cencora ay pinatatakbo upang matiyak na walang parusa o paghihiganti na magaganap laban sa sinumang miyembro ng team para sa pagsasabi ng alalahanin sa ethics nang may mabuting intensyon.

Kung mayroon kayong tanong tungkol sa Kodigo, mga patakaran ng Kumpanya, mga pamamaraan o iba pang gabay, kailangan ninyo ng tulong kung paano sumunod sa isang partikular na sitwasyon, may mga alalahanin tungkol sa anumang aspeto ng mga operasyon ng Kumpanya, magkaroon ng kamalayan sa anumang aktwal o pinaghihinalaang hindi wastong mga aktibidad, privacy o mga alalahanin sa pagsunod o mga paglabag sa Kodigo o iba pang mga patakaran ng Kumpanya, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa alinman sa mga sumusunod na mapagkukunan:

- Inyong Supervisor
- Ang Inyong Mga Lider sa Pagsunod at/o Legal
- Ang Punong Opisyal sa Pagsunod
- Ang Opisina ng Pagsunod sa oooc@cencora.com
- Ang Punong Opisyal Kaugnay sa Batas

Maaari ninyong tawagan ang Chief Compliance Officer na si:

Jennifer Dubas
Chief Compliance Officer
1 West First Avenue
Conshohocken, PA 19428
Telepono: 610.727.7329
jennifer.dubas@cencora.com

Maaari mong tawagan ang Punong Opisyal kaugnay sa Batas:

Elizabeth Campbell
Chief Legal Officer
1 West First Avenue
Conshohocken, PA 19428
Telepono: 610.727.7404
elizabeth.campbell@cencora.com

Mga pagtatanong at pagre-report na hindi sasabihin ang pagkakakilanlan

Nagbibigay din ang Kumpanya ng hotline sa pagre-report 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang hotline ay tinatawag na "SpeakUp" at ibinibigay sa pamamagitan ng NAVEX, isang third party na namamahala sa programang SpeakUp. Magsalita kung may nalaman kayong potensyal na hindi tamang pag-uugali, maling gawain, maling asal o mga aksyon na sumasalungat sa aming Kodigo ng Etika at Pag-uugali sa Negosyo o anumang Patakaran sa Pagsunod ng Cencora. Kung pinapahintulutan ng batas ng bansa, maaari kang mag-report o magtanong nang hindi nagpapakilala tungkol sa mga etikal na usapin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa:

Cencora ayon sa impormasyon sa pagre-report ng bansa

United States	1.855.214.1479				
Argentina	0800.345.3121	Greece	800.848.1693	Portugal	800.180.750
Australia	1800961479	Hong Kong	800.963.987	Romania	0800.360.159
Austria	0800.232959	Hungary	80.088.476	Russia	8.800.100.63.45
Belarus	Online lang	India	000.800.919.1226	Serbia	Online lang
Belgium	0800.76.276	Ireland	1800851273	Singapore	800.852.6921
Brazil	0800.000.0475	Israel	1.809.399.871	Slovak Republic	0800.002.632
Bulgaria	080046249	Italy	800.729.258	Slovenia	Online lang
Canada	1.855.214.1479	Japan	0800.500.5703	South Africa	080.098.8815
Chile	800.914.302	Kazakhstan	Online lang	South Korea	080.880.0362
China	400.120.0546	Kenya	0800.211.225	Spain	900.998.491
Columbia	01.800.5190402	Latvia	Online lang	Sweden	020.12.70.35
Costa Rica	800.460.0028	Lithuania	8.800.00.314	Switzerland	0800.225.153
Croatia	0800.790.011	Macedonia	Online lang	Taiwan	00801.49.1609
Czech Republic	800.810.924	Malaysia	1.800.81.2630	Thailand	1800014575
Denmark	80.83.02.60	Mexico	800.681.9279	Turkey	0800.621.2383
Ecuador	1800001590	Netherlands	0800.0227093	Ukraine	0800.801.419
Egypt	Online lang	New Zealand	0800.633.145	United Arab Emirates	Online lang
Finland	0800.412008	Norway	800.62.319	United Kingdom	0808.196.5791
France	0.800.90.94.74	Peru	0800.78126	Uruguay	000.413.598.3951
Georgia	Online lang	Pilipinas	1800.1.322.0345	Venezuela	0212.3357785
Germany	0800.1819284	Poland	800.005.040	Vietnam	Online lang

Online na pagre-report

cencoraspeakup.ethicspoint.com

Ibinibigay ng programang SpeakUp na ito ang pagkakataon nang hindi nagpapakilala na mag-report ng mga insidenteng may kinalaman sa aktwal o pinaghihinalaang hindi wasto, ilegal, o nandidiskriminang asal (hal., fraud, pagnanakaw, diskriminasyon, paglabag sa mga patakaran sa pagsunod, mga programang pangkaligtasan, o mga regulasyon kabilang ang mga ibinigay ng U.S. Food and Drug Administration (Pangasiwaan sa Pagkain at Gamot ng U.S., FDA) Drug Enforcement Agency (Ahensya ng Pagpapatupad ng Batas Laban sa Droga, DEA) o mga kinakailangan sa programang pangkalusugan ng gobyerno, mga alalahanin sa antitrust, at mga paglabag sa patakaran sa karahasan sa lugar ng trabaho o mga paglabag sa patakaran sa hindi paghihiganti). Ang mga report ay maaaring isumite nang hindi nagpapakilala.

Ang bawat reporter ay binibigyan ng pagkakataong tingnan ang kalagayan ng kanilang report. Ang portal ng SpeakUp ay maaari ring gamitin para tulungan kayo sa mga tanong o alalahanin tungkol sa Kodigo at kung paano ito gagamitin sa inyong pang-araw-araw na mga aktibidad.

Pag-iimbestiga at pagtugon sa mga report

Sineseryoso ng Cencora ang mga alalahanin sa ethics at pagsunod. Ang lahat ng report ng posibleng paglabag sa Kodigo na ito, patakaran at pamamaraan ng Kumpanya o mga naaangkop na batas at regulasyon ay ganap at kumpidensyal na iniimbestigahan nang napapanahon. Ang lahat ng miyembro ng team ay dapat makipagtulungan sa anumang imbestigasyon o audit na isasagawa o ipapagawa ng Kumpanya. Ang Kumpanya ay maaaring magsagawa ng aksyong pandisiplina laban sa sinumang empleyado na hindi makikipagtulungan o humahadlang sa isang imbestigasyon, kabilang ang pagsisinungaling sa panahon ng imbestigasyon.

Sa ilang mga bansa ay maaaring mayroong isang partikular na regulasyon tungkol sa pamamaraan ng imbestigasyon para sa isang internal report na maaaring naaangkop. Sa kaso ng pagdududa, makipag-ugnayan sa inyong lokal na Mga Lider sa Pagsunod at/o Legal.

Kung ang isang imbestigasyon ay nagpapatunay ng isang pinaghihinalaang paglabag sa Kodigo na ito, patakaran at pamamaraan ng Kumpanya, o mga naaangkop na batas at regulasyon, gagawa ang Kumpanya ng naaangkop na pagwawasto at pagdidisiplina.

Ang Cencora ay may proseso ng pag-audit, pagsubaybay, at pag-assess ng panganib na nagbibigay-daan sa amin na masuri ang pagiging epektibo ng Programa sa Pagsunod at matukoy ang mga bagong posibleng panganib, subukan ang mga umiiral na kontrol, at magpatupad ng remedyo kung kinakailangan. Regular na ine-evaluate ng Punong Opisyal sa Pagsunod ang bisa ng Programa ng Compliance, inaaprubahan ang isang plano sa pag-audit, at naglalaan ng mga mapagkukunan para i-audit ang mga panganib sa pagsunod at pagsunod sa pagpapatakbo sa buong Cencora.

Pagre-report at hindi paghihiganti

Ipinagbabawal ng patakaran ng Kumpanya ang paghihiganti laban sa mga miyembro ng team na may mabuting intensyon na mag-report sa Kumpanya ng alam o pinaghihinalaang mga paglabag sa naaangkop na batas, mga regulasyon, patakaran ng Kumpanya o ang Kodigo na ito. Ang pagre-report nang “may mabuting intensyon” ay nangangahulugang ibinigay ninyo ang lahat ng may kaugnayang impormasyong mayroon kayo na tungkol sa problema, at naniniwala kayong totoo ito. Ipinagbabawal din ng patakaran ng Kumpanya ang paghihiganti laban sa sinuman para sa pakikibahagi nang may mabuting intensyon sa mga imbestigasyon ng Kumpanya sa mga alalahanin sa ethics o pagsunod.

Ang sinumang miyembro ng team ng Kumpanya na makakatanggap ng report ng paglabag sa batas, patakaran o mga pamamaraan ng Kumpanya, o ang Kodigo na ito ay may pananagutan sa pagtiyak na ang report ay aasikasuhin nang maayos at ang taong gumagawa ng report ay tinatrato nang patas sa proseso.

Naaangkop din ang obligasyong ito kaugnay ng mga report na hindi nagpapakilala. Ang lahat ng indibidwal na responsable sa pag-iimbestiga sa isang report na ginawa sa pamamagitan ng programa ng SpeakUp ay pinapayuhan na labag sa patakaran ng Kumpanya na gumanti laban sa nagre-report na tao para sa paggawa ng isang report na may mabuting intensyon, sakaling malalantad ang pagkakakilanlan ng tao habang isinasagawa ang imbestigasyon.

limbestigahan ang mga paratang ng paghihiganti, at isasagawa ang naaangkop na aksyong pagwawasto kung mapatunayan ang mga paratang. Maaaring kabilang dito ang aksyon sa pagdidisiplina na umaabot sa at kinabibilangan ng pagpapaalis sa trabaho ng mga responsable sa paghihiganti.

Kung naniniwala kayo o ang isang kakilala ninyo ay pinaghigantihan nang dahil sa pagsasabi ng alalahanin sa ethics o pagsunod o pagre-report ng alam o pinaghihinalaang paglabag sa batas, patakaran ng Kumpanya, o pamamaraan ng Kodigo na ito nang may mabuting intensyon, makipag-ugnayan sa inyong lokal na Lider sa Pagsunod at/o Legal, Punong Opisyal sa Pagsunod, Punong Opisyal Kaugnay sa Batas, o ang programang SpeakUp.

Sineseryoso ng Kumpanya ang responsibilidad nito na pigilan ang paghihiganti laban sa sinumang taong nagre-report ng pinaghihinalaang paglabag. Ang bawat opisyal at miyembro ng team ay inaasahang mag-report kaagad ng anumang pinaghihinalaang paglabag sa Kodigo, patakaran o mga pamamaraan ng Kumpanya, o ng batas. Ang alalahanin sa paghihiganti ay hindi dapat manaig sa tungkulin ninyong mag-report ng pinaghihinalaang paglabag sa Kumpanya.

Ang mga miyembro ng management ay may mga karagdagang responsibilidad

Ang pagsasagawa ng ating mga aktibidad sa negosyo nang may katapatan at integridad ay isang obligasyon na mayroon tayong lahat. Ang mga miyembro ng management ay inaasahang maging halimbawa sa pamumuno at kumilos bilang mga huwaran. Bilang manager, kailangan ninyong:

- Gumawa ng culture of compliance (proseso na ginagabayan at sinusuportahan ng maraming tao para gumawa ng environment kung saan maaaring magsalita at gawin ang tama) kung saan nauunawaan ng mga miyembro ng team ang kanilang mga responsibilidad at kumportable na ipahayag ang mga alalahanin nang walang takot sa paghihiganti.
- Hikayatin ang tamang pag-uugali at pagsunod sa batas sa pamamagitan ng personal na pangunguna sa mga pagsusumikap sa pagsunod.
- Isaalang-alang ang mga pagsusumikap sa pagsunod kapag sinusuri at ginagantimpalaan ang mga miyembro ng team.
- Tiyaking nauunawaan ng mga miyembro ng team na ang mga resulta ng negosyo ay hindi kailanman mas mahalaga kaysa sa tamang pag-uugali at pagsunod sa mga patakaran ng Cencora.

Dapat din kayong magsikap na bumuo ng positibong kondisyon sa trabaho kung saan ang mga miyembro ng team ay kumportableng humingi ng tulong at maghain ng mga alalahanin tungkol sa Kodigo na ito, mga patakaran ng Kumpanya, o ang batas. Dapat kayong maging alerto sa anumang sitwasyon o pagkilos na posibleng lumabag sa mga salita o diwa ng Kodigo o patakaran ng Kumpanya o na maaaring makasira sa reputasyon ng Kumpanya. Mahalaga na, bilang miyembro ng management, gumawa kayo ng agarang aksyon para matugunan ang mga ganitong sitwasyon. Bilang manager, kailangan ninyong:

- Tiyaking nauunawaan ng mga miyembro ng team na pinangangasiwaan ninyo ang kanilang mga responsibilidad sa ilalim ng Kodigo, mga patakaran ng Kumpanya, at ng batas.
- Talakayin ninyo ng mga miyembro ng team ninyo ang Kodigo at suportahan ninyo ang kahalagahan ng tamang pag-uugali, pagsunod sa Kodigo, patakaran ng Kumpanya, at ang batas.
- Sikaping dagdagan ang inyong sariling kakayahan sa pamumuno.
- Tiyaking alam ng inyong mga miyembro ng team na malalapitan nila kayo na may mga tanong at alalahanin, nang hindi natatakot na mapaghigantihan, at makikinig kayo at tutugon nang naaangkop.
- Huwag kailanman balewalain ang anumang uri ng maling asal o paghihiganti laban sa isang miyembro ng team.
- Huwag kailanman gumanti laban sa isang miyembro ng team nang dahil sa paghahain ng mga tanong o isyu, nang may mabuting intensyon, sa mga nasa labas ng kanilang chain of command o sa pamamagitan ng paggamit sa programang SpeakUp ng Kumpanya.
- Huwag kailanman hikayatin o sabihan ang mga miyembro ng team na makakuha ng mga resulta sa negosyo kapalit ang tamang pag-uugali o pagsunod sa Kodigo, patakaran ng Kumpanya, o ang batas.
- Laging kumilos upang pigilan ang mga paglabag sa Kodigo, patakaran ng Kumpanya o batas ng mga pinangangasiwaan.
- Magbigay ng payo at gabay sa pagbibigay-kahulugan sa Kodigo at isulong ang mga kinakailangan ng Kodigo.

Bilang manager, kung may ilalapit sa inyong tanong o alalahanin kaugnay ng Kodigo o patakaran ng Kumpanya, makinig nang mabuti, at ibigay sa miyembro ng team ang inyong buong atensyon. Humingi ng paglilinaw at karagdagang impormasyon. Sagutin ang anumang tanong kung kaya ninyo, pero huwag isipin na dapat kayong magbigay ng agarang tugon. Kontakin ang inyong lokal na Lider sa Pagsunod at/o Legal o i-submit ang alalahanin sa pamamagitan ng programang SpeakUp kung kailangan ninyo ng karagdagang gabay.

Ano ang mangyayari kung lalabag kayo sa aming kodigo?

Para mapanatili ang pinakamataas na mga pamantayan ng integridad, dapat nating ilaan ang mga sarili natin sa pagsunod sa ating Kodigo, patakaran at mga pamamaraan ng Kumpanya, at mga naaangkop na batas at regulasyon. Ang mga paglabag sa Kodigo natin ay hindi lang nakakasira sa katayuan ng Cencora sa mga komunidad na pinaglilingkuran natin – maaari ring ilegal ang mga ito. Gagawin ng Cencora ang naaangkop na aksyong pandisiplina o pagwawasto bilang tugon sa bawat kaso, hanggang sa at kabilang ang pagpaapalis sa trabaho. Bilang karagdagan, ang mga miyembro ng team na kasangkot ay maaaring sumailalim sa mga multa ng gobyerno o personal na kriminal o sibil na pananagutan.

18

Tamang pag-uugali

Iwasan at i-report ang fraud

Ipinagbabawal ng patakaran ng Kumpanya ang anumang anyo ng mapanlokong aktibidad. Ang fraud ay maraming uri ngunit sa pinakamahalagang aspeto nito ay kinasasangkutan ito ng sinadyang panlilinlang. Bilang karagdagan sa hindi tamang pag-uugali at paglabag sa Kodigo na ito, ang mapanlokong aktibidad ay karaniwang labag sa batas at nailalagay nito sa posibleng sibil at/o kriminal na pananagutan ang lumalabag. Maaaring kabilang sa fraud ang, ngunit hindi limitado sa:

- Maling paggamit ng mga ari-arian ng Kumpanya.
- Pangingikil o paggawa ng pamemeke.
- Hindi awtorisadong pangangasiwa o pagre-report ng mga transaksyon ng Kumpanya na hindi sumusunod sa karaniwang tinatanggap na prinsipyo sa accounting.
- Hindi tama at sinasadyang pagkumpirma na ang control environment ng Kumpanya ay tumatakbo nang mabisa alinsunod sa mga regulasyon ng Sarbanes-Oxley kung hindi ito totoo.
- Pamemeke ng mga talaan ng negosyo o mga financial statement ng Kumpanya.
- Pagbabayad ng mga kickback sa mga customer o potensyal na pagmumulan ng referral para maimpluwensyahan ang paggamit ng mga inireresetang gamot na ipinamamahagi ng yunit ng negosyo ng Kumpanya.

Anumang napatunayang gawain ng fraud ay magresulta sa seryosong aksyong pandisiplina, hanggang sa at kabilang ang pagpapaalis sa (mga) miyembro ng team na sangkot sa transaksyon at posibleng kriminal na paglilitis.

Ituloy ang patas na pakikitungo

Ang mga miyembro ng team ay dapat makitungo nang patas sa mga customer, supplier, kakumpitensya ng Kumpanya, at sa isa't isa. Walang miyembro ng team ang manlalamang sa sinuman sa pamamagitan ng manipulasyon, paglilihim, pang-aabuso sa privileged na impormasyon, pagsisinungaling sa impormasyon, o anumang iba pang hindi patas na gawi sa pakikitungo. Ang mga miyembro ng team ay dapat mag-ingat para maiwasang makagawa ng anumang hindi totoo, nakakalinlang, o mapanirang-puring pahayag tungkol sa ating mga kakumpitensya.

Inaasahang sumunod ang mga miyembro ng team sa mga naaangkop na batas sa antitrust at kompetisyon sa mga bansa kung saan isinasagawa ng Kumpanya ang negosyo nito. Kung ang inyong trabaho ay may kinalaman sa sales, marketing, promotion, procurement, o sourcing, mahalagang maunawaan ninyo kung paano nakakaapekto ang mga batas sa antitrust at kompetisyon sa inyong pang-araw-araw na trabaho at iwasan kahit man lang ang pag-uugali na posibleng magmungkahi ng paglabag.

Maaaring mahirap unawain ang mga batas sa kumpetisyon, at ang mga paglabag ay may mga seryosong parusa, parehong sibil at kriminal, para sa mga miyembro ng team na sangkot at Cencora. Kung ang inyong trabaho ay may kinalaman sa sales, marketing, promotion, procurement, o sourcing, dapat maging pamilyar kayo at maunawaan ang mga batas na ito dahil naaangkop ang mga ito sa inyong trabaho. Para sa higit pang impormasyon o mga tanong tungkol sa mga partikular na panuntunan na naaangkop sa inyong negosyo, makipag-ugnayan sa Punong Opisyal Kaugnay sa Batas, Punong Opisyal sa Pagsunod, Lider sa Pagsunod at/o Legal ng Cencora na sumusuporta sa inyong negosyo.

Iwasan ang mga salungatan ng mga interes

Para suportahan ang reputasyon ng Cencora, dapat tayong maging alerto sa anumang sitwasyon na maaaring gumawa ng salungatan ng interes, totoo man o ipinapalagay. Dapat iwasan ng bawat miyembro ng team ang anumang sitwasyong maaaring makasagabal sa kakayahan ng miyembro ng team na makabuo ng mga desisyon sa ngalan ng Kumpanya o maaaring mukhang nakagawa ng posibleng salungatan sa pagitan ng mga interes ng Kumpanya at mga personal na interes. Bilang halimbawa, walang miyembro ng team ang gagawa ng anumang aksyon na:

- Direkta o hindi direktang nakikipagkumpitensya, o mukhang nakikipagkumpitensya, o nanghihikeyat ng kumpetisyon sa mga interes ng negosyo ng Kumpanya.
- Makialam sa mga ugnayan na ayon sa kontrata ng Kumpanya sa pamamagitan ng mga personal na aktibidad sa negosyo.
- Bawasan o siraan ang reputasyon ng Kumpanya.

Dahil nakikipagnegosyo ang Kumpanya sa maraming entity ng gobyerno, napapailalim ang Kumpanya sa mga mahigpit na batas at regulasyon na nagbabawal sa lobbying at iba pang aktibidad sa mga empleyado at opisyal ng gobyerno na maaaring lumikha ng salungatan ng interes.

Kabilang sa mga salungatan ng interes ang:

- Paglilingkod bilang opisyal o direktor o pagkakaroon ng interes sa pagmamay-ari ng isa pang kumpanyang nakikipagnegosyo o nakikipagkumpitensya sa Cencora.
- Pagpapanatili ng personal na interes sa anumang transaksyon kaugnay ng Kumpanya o mga subsidiary nito na maaaring makasagabal sa layunin at walang kinikilingang representasyon ng miyembro ng team sa Kumpanya.
- Ispekulasyon o pangangalakal ng mga produkto, commodity o produktong kinakailangan, kinakalakal, o ibinebenta ng Kumpanya.
- Pagkakaroon ng kapamilyang may interes sa pagmamay-ari ng ibang kumpanya na nakikipagnegosyo o nakikipagkumpitensya sa Cencora.
- Paggamit ng impormasyon ng Cencora para sa sarili ninyong pakinabang, para sa ikakikinabang ng isang kapamilya o ibang kumpanya kung saan kayo naglilingkod bilang opisyal o direktor, o kung saan kayo may pinansyal na interes.
- Pagsali sa mga transaksyong pangnegosyo para sa sarili inyong personal na pakinabang batay sa impormasyon o mga ugnayang nabuo bilang miyembro ng team ng Cencora.
- Hindi paghahayag na may malapit na kaugnayan kayo sa isang tao, gaya ng vendor o customer, na nagnais o nagnanais ng pinansyal na pakikipagkasunduan sa Cencora.
- Paglilingkod bilang empleyado ng isang ahensya ng gobyerno o pagkakaroon ng malapit na kamag-anak na kasalukuyan o naging empleyado ng ahensya ng gobyerno.

Iwasan ang mga interes na nauugnay sa negosyo

Maliban sa pagmamay-ari ng mga publicly traded na security (at, sa kaso ng isang direktor, paglilingkod sa isa pang lupon ng mga direktor), pinagbabawalan ang mga miyembro ng team na magkaroon ng anumang personal na pinansyal na interes sa sinumang indibidwal o organisasyong pangnegosyo na nagbibigay ng merchandise, mga supply, property o serbisyo sa Kumpanya. Kabilang dito ang mga usapang makatanggap ng mga loan (maliban sa mga bank loan), commission, royalty, property, shares, o anumang may value mula sa mga naturang entity.

Higit pang pinagbabawalan ang mga miyembro ng team, nang walang paunang pahintulot ng Kumpanya, na magsagawa ng negosyo ng Kumpanya sa isang organisasyong pangnegosyo kung saan may interes sa pagmamay-ari na mas malaki sa 5% ang isang malapit na kamag-anak ng miyembro ng team.

Ang mga miyembro ng team na may mga responsibilidad sa procurement, kabilang ang pagbili, pagbebenta, o pag-lease ng mga materyales o serbisyo sa ngalan ng Kumpanya, ay dapat partikular na pansinin ang mga ugnayan sa mga supplier, dealer, at distributor, at dapat sabihin ang anumang ugnayang personal o pampamilya sa mga naturang entity sa Opisina ng Pagsunod nang ginagamit ang naaangkop na elektronikong form para sa Salungatan ng Interes sa SpeakUp portal o Centro.

Iba pang Trabaho

Ang mga opisyal at miyembro ng team, nang walang paunang pahintulot ng Kumpanya, ay hindi tatanggap ng trabaho sa labas ng Kumpanya o papayag na maglingkod sa isang Board of Directors (o katulad na posisyon sa labas) na posibleng maging salungatan ng interes sa mga responsibilidad nila sa Kumpanya. Ang iba pang trabaho o paglilingkod sa Board ng isang panlabas na entity ay maaaring magdulot ng salungatan ng interes kung, sa pamamagitan ng pagkuha sa trabaho at/o pagtanggap ng Board membership, hindi ninyo mailalaan ang kinakailangang oras at pansin sa inyong trabaho sa Cencora, direkta kayong nakikipagkumpitensya sa Cencora, o ginagamit ninyo ang mga asset o kumpidensyal na impormasyon ng Cencora para sa ikakikinabang ng panlabas na aktibidad na iyon.

Dapat sabihin at talakayin ng mga miyembro ng team sa kanilang manager ang anumang umiiral o nilalayong trabaho sa labas o pagiging miyembro ng Board. Inaasahang isaalang-alang ng mga Manager kung ang pagtatrabaho sa labas o pagiging miyembro ng Board ay maaaring magdulot ng potensyal na salungatan ng interes, nang kumokonsulta sa Office of Compliance sa anumang tanong. Kung matukoy ng manager ang isang potensyal na salungatan ng interes na maaaring umiral, ang miyembro ng team ay dapat humingi ng naaangkop na nakasulat na pag-apruba mula sa Opisina ng Pagsunod sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Conflict of Interest Disclosure Report sa portal ng SpeakUp o Centro. Ang hindi pagsunod sa pagsasabi na ito at/o proseso ng pag-apruba na ito ay maaaring magresulta sa aksyong pandisiplina hanggang sa at kabilang ang pagtapos ng trabaho.

Mga kasanayan sa marketing: totoo at tamang promotion

Isang mahalagang bahagi ng matagal nang dedikasyon ng Cencora na patakbuin ang ating negosyo nang may ethics at integridad ay ang pagiging tama at totoo ng mga materyales natin sa marketing at iba pang komunikasyon. Ang lahat ng materyales sa marketing at komunikasyon ng Cencora ay susunod sa mga sumusunod na pamantayan:

- Katawanin ang iyong sarili at ang Cencora nang may integridad at protektahan ang reputasyon natin bilang etikal at mapagkakatiwalaang organisasyon.
- Gumawa lang ng mga totoo, tama, at hindi mapanlinlang na pahayag tungkol sa mga produkto, serbisyo, at pagpepresyo ng Cencora.
- Ang anumang claim ay dapat wastong sinusuportahan ng naaangkop na medikal, siyentipiko, o iba pang ebidensya.
- Huwag gumawa ng mga mapanlinlang na pag-aangkin na may kaugnayan sa mga potensyal na epekto sa kapaligiran o panlipunan ng isang produkto o serbisyong ibinibigay ng Cencora.
- I-promote ang mga benepisyo ng mga produkto o serbisyo ng Cencora at huwag kailanman siraan o maghayag nang hindi totoo o nakakapanlinlang tungkol sa mga kakumpitensya ng Cencora.
- Huwag gumamit ng mapanlinlang, hindi patas, o hindi sinusuportahang paghahambing na advertising.
- Huwag kailanman naising hindi wastong makialam sa integridad ng ugnayan sa pagitan ng mga pasyente at provider ng pangangalagang pangkalusugan at sa pagiging hindi kasama ng mga desisyon sa pangangalagang pangkalusugan na gagawin ng mga propesyonal na iyon.

Ang lahat ng materyal sa marketing ng Cencora ay susunod sa mga kinakailangan ng Kodigo na ito, ang Patakaran sa Marketing ng Cencora (OOC-22), kabilang ang mga proseso ng pagsusuri at pag-apruba na itinakda sa Patakaran OOC-22, lahat ng iba pang naaangkop na patakaran ng Cencora, pati na rin ang lahat ng naaangkop na batas at mga regulasyon.

Mga regalo, pagkain at iba pang mabuting pakikitungo

Pagpapalitan ng regalo sa mga customer/supplier

Ang Kumpanya at ang mga miyembro ng team nito ay hindi maaaring mag-alok o magbigay ng mga regalo o iba pang mga insentibo para hindi wastong maimpluwensyahan ang mga relasyon o mga resulta ng negosyo. Ang mga miyembro ng team ay hindi mag-aalok, magnanais, o tatanggap ng personal na kapakinabangan, nang direkta o hindi direkta, mula sa sinumang nagnanais makipagnegosyo o nakikipagnegosyo sa Kumpanya kapalit ang pagbili, pagrerekomenda, o pakikipagkasundo para sa pagbili ng mga produkto o serbisyo, o para sa pangakong patuloy na bumili ng mga produkto o serbisyo. Ang pagbibigay o pagtanggap ng mga cash na pagbabayad o katumbas ng cash (gaya ng mga gift card o gift certificate) ay ipinagbabawal.

Mga pagkain at mabuting pakikitungo sa negosyo

Maliban sa mga paghihigpit na inilalarawan sa ibaba na naaangkop kapag nakikitungo sa mga empleyado ng gobyerno at/o mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, at alinsunod sa mga naaangkop na kinakailangan ng anumang naaangkop na mga patakaran at pamamaraan ng partikular na yunit ng negosyo, ang mga miyembro ng team ay maaaring magbayad o tumanggap ng makatwirang mga pagkain kaugnay sa negosyo, pampalamig, at /o entertainment para sa o mula sa mga customer at supplier na:

- Paminsan-minsan lang.
- Hindi hiniling o hiningi ng customer, supplier, o empleyado.
- Hindi nilayon o hindi makatwirang isipin na nakakaapekto sa mga desisyon sa negosyo.
- Sa isang setting at likas na kaaya-aya sa talakayan sa negosyo at hindi marangya, labis o hindi naaangkop.

Dapat idirekta ng mga miyembro ng team ang anumang tanong tungkol sa kung ang mga iniaalok na pangnegosyong pagkain o mabuting pakikitungo ay pinapahintulutan sa ilalim ng Kodigo na ito at sa mga naaangkop na patakaran ng Cencora sa kanilang lokal na Compliance Officer at/o Lead.

Pagpapalitan ng regalo, mga pangnegosyong pagkain at mabuting pakikitungo sa negosyo sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan

Ang mga miyembro ng team ay maaaring magbigay ng mga pangnegosyong pagkain at iba pang mabuting pakikitungo sa negosyo sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang mga bumibiling opisyal ng mga ospital o parmasyang hindi pagmamay-ari ng gobyerno, sa mga limitado lang na sitwasyon at alinsunod sa mga naaangkop na patakaran at prosesong partikular sa yunit ng negosyo. Ang mga miyembro ng team ay hindi maaaring magbigay ng mga regalo sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o mga miyembro ng kanilang mga kawani maliban kung ang mga naturang regalo ay sumusunod sa mga kinakailangan ng Kodigo na ito at anumang naaangkop na patakaran ng Cencora at inaprubahan nang maaga ng Opisina ng Pagsunod. Ang mga miyembro ng team ay maaaring magbigay paminsan-minsan sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan ng isang bagay na tanging may kaugnayan sa pagsasagawa ng medisina o parmasya na mura, makatwiran at naaprubahan ng Office of Compliance. Bilang karagdagan, sa pagpaplano o pag-o-organisa ng anumang Patuloy na Medikal na Edukasyon o iba pang katulad na seminar o session ng pagsasanay para sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, ang mga miyembro ng team ay dapat sumunod sa mga naaangkop na patakaran at pamamaraan na partikular sa yunit ng negosyo, at dapat kontakin ang Lider sa Pagsunod at/o Legal na sinusuportahan ang inyong negosyo para sa gabay para matiyak na ang mga aktibidad ay sumusunod sa lahat ng naaangkop na alituntunin sa industriya.

Pagpapalitan ng regalo, mga pangnegosyong pagkain at mabuting pakikitungo sa negosyo sa mga empleyado ng gobyerno

Ang pagbibigay ng mga miyembro ng team ng mabuting pakikitungo sa mga opisyal ng gobyerno ay mahigpit na kontrolado ng mga batas, regulasyon, at panuntunan. Ipinagbabawal ng patakaran ng Cencora ang pagbibigay ng mga regalo o mabuting pakikitungo sa mga opisyal ng gobyerno nang walang paunang abiso at pag-apruba ng Opisina ng Pagsunod. Ang naunang proseso ng pag-apruba, at iba pang impormasyong tungkol sa mga naaangkop na pakikitungo sa mga opisyal ng gobyerno, ay nakabalangkas sa mga naaangkop na patakaran at pamamaraan ng yunit ng negosyo. Para sa karagdagang gabay tungkol sa mahalagang paksang ito, kontakin ang inyong lokal na Lider sa Pagsunod at/o Legal.

Mga donasyon at sponsorship

Ang mga donasyon, sponsorship ng customer/industriya, premyo sa raffle at giveaway ay may ilang partikular na implikasyon sa buwis at mga paghihigpit ayon sa batas/regulasyon, at ang mga ito ay dapat alinsunod sa mga naaangkop na patakaran at proseso ng yunit ng negosyo. Ang pag-sponsor ng naaangkop na komersyal at philanthropic na mga kaganapan na nauugnay sa industriya ay dapat na aprubahan ng inyong manager at hindi dapat sumalungat sa Kodigo na ito. Ang mga sponsorship sa industriya na maaaring ituring bilang isang potensyal na salungatan ng interes, o maaaring sumalungat sa anumang iba pang kinakailangan ng Kodigo na ito, ay dapat isumite sa Opisina ng Pagsunod para sa pagsusuri sa pamamagitan ng paggamit ng Conflict of Interest Disclosure Report. Kapag may pagdududa, kontakin ang Opisina ng Pagsunod sa oooc@cencora.com.

T: Gustong i-sponsor ng yunit ng negosyo ko ang isang charity event na inorganisa ng isa sa aming mga customer. Kailangan ba nating humingi ng pag-apruba mula sa Opisina ng Pagsunod?

S: Oo. Ang mga sponsorship ng customer o mga kaganapang nauugnay sa industriya na maaaring ituring na mga potensyal na salungatan ng interes o maaaring sumalungat sa mga kinakailangan ng Kodigo na ito o iba pang mga patakaran ng Cencora, ay dapat suriin at aprubahan bago ang pag-commit sa sponsorship ng Opisina ng Pagsunod at ng organisasyon ng Pagkamamamayan ng Korporasyon ng Cencora.

Mga regalo sa mga tauhan ng kumpanya mula sa kumpanya

Ang lahat ng regalo para sa anibersaryo ng serbisyo at gantimpala o pagkilalang nakabatay sa performance ay pinapamahalaan sa pamamagitan ng True Blue, ang komprehensibong programa sa pagkilala ng Cencora na maa-access sa Centro. Sa mga partikular na negosyo o heograpiya kung saan hindi available ang programa ng True Blue, maaaring gumamit ng mga lokal na programa sa halip. Ang mga item na prinoseso sa pamamagitan ng True Blue, o anumang lokal na alternatibong programa, ay mangangailangan ng pag-apruba ng management pero hindi mangangailangan ng pag-apruba mula sa Opisina ng Pagsunod.

Ang mga regalo, pabor, at pagbabayad para sa mga event ay maaaring ibigay sa mga miyembro ng team nang gastos ng Kumpanya kung sumunod sila sa mga patakaran at pamamaraan ng partikular na yunit ng negosyo. Ang mga regalo sa mga tauhan ng Kumpanya ay dapat sumunod sa mga naaangkop na batas at pamantayan ng pag-uugali na itinatakda sa Kodigo na ito.

Ang mga tanong tungkol sa naaangkop na pagpapalitan ng mga regalo o iba pang mga benepisyo sa mga miyembro ng team ng Kumpanya ay dapat matugunan sa iyong supervisor.

T: Gusto kong bigyan ng iPad ang isang miyembro ng team sa aking team bilang pagkilala sa kaniyang performance noong nakaraang buwan. Kailangan ko bang mag-submit ng kahilingan para sa pag-apruba sa pamamagitan ng Opisina ng Pagsunod?

S: Mayroong dalawang bahagi sa tanong na ito. Una, ang iPad ay hindi isang “regalo” dahil ito ay ibinibigay sa miyembro ng team bilang pagkilala sa performance. Ito ay isang paraan ng pagbabayad. Pangalawa, ang mga reward at pagkilala na nakabatay sa performance ay dapat i-manage sa pamamagitan ng True Blue o nauugnay na lokal na proseso kung saan hindi available ang True Blue.

Mga kontribusyon sa mga partido o kandidato sa pulitika

Hindi kailanman, direkta o hindi direktang hihingin ng Kumpanya na mag-ambag ang mga miyembro ng team sa Komite ng Pulitikal na Pagkilos ng Cencora, mga partidong pampulitika, o mga kandidato para sa katungkulan sa gobyerno.

Hinihikayat ng Cencora ang mga miyembro ng team na lumahok sa pulitikal na proseso sa sariling kapasidad, ngunit ang personal na pulitikal na aktibidad ay dapat mangyari sa sarili ninyong oras at sa sarili ninyong gastos. Mahalaga na hindi ka magbigay ng impresyon na ikaw ay kumikilos sa ngalan ng o kung hindi man ay kumakatawan sa Kumpanya kapag nagsasagawa ng personal na aktibidad sa pulitika. Ang mga miyembro ng team ay hindi maaaring gumamit ng pag-aari o oras ng Kumpanya para magsagawa ng personal na pampulitikal na aktibidad.

Pakikipagkontrata sa gobyerno

Nagsasagawa ng negosyo ang Kumpanya sa maraming entity ng gobyerno, opisyal, at empleyado, kabilang ang mga ahensya at ospital ng pederal, estado at lokal na gobyerno ng U.S. Nakikipagtransaksyon din ang Kumpanya sa mga ahensya ng gobyerno, opisyal, at empleyado sa mga bansa bukod pa sa United States. Dahil sa dalawahang tungkulin ng mga gobyerno bilang parehong mga regulator at customer ng negosyo ng Kumpanya, mahalagang sumunod ang mga miyembro ng team sa iba't ibang batas, regulasyon, at prinsipyong naaangkop sa pakikipagkontrata sa gobyerno sa nauugnay na lokasyon. Sumangguni sa Kodigo ng Etika at Pag-uugali sa Negosyo kaugnay ng Pakikipagkontrata sa Pamahalaan para sa karagdagang gabay.

Ang mga espesyal na panuntunan at regulasyon ay naaangkop kapag nakikipagnegosyo sa mga pederal, pang-estado, lokal, at pandaigdigang ahensya at opisyal ng gobyerno ng U.S., kaya dapat ninyong lalong unawain at sundin ang mga kailangan ng ahensya kung saan kayo humihiling ng pakikipagnegosyo.

Kapag nakikitungo sa mga opisyal at empleyado ng pamahalaan, iwasan ang anumang salungatan ng interes o pag-uugaling maaaring magmukhang hindi naaangkop. Ang anumang pagtatangka, kahit na mabuti ang layunin, para impluwensyahan ang isang opisyal o empleyado ng gobyerno sa pamamagitan ng mga pagbabayad, regalo, o iba pang pabor ay ipinagbabawal sa ilalim ng mga batas ng maraming bansa, kabilang ang U.K. Bribery Act (Batas ng U.K. Laban sa Panunuhol) at U.S. anti-bribery and anti-corruption law (batas ng U.S. laban sa panunuhol at katiwalian) gaya ng tinatalakay sa Mga Kodigo na ito. Bilang karagdagan, gaya ng tinatalakay nang mas detalyado sa susunod na bahagi ng Mga Kodigo na ito, hindi kayo maaaring mag-alok ng anumang may halaga kaninuman o saanmang entity para mahikayat silang bumili, irekomenda ang pagbili, o gumawa ng referral para sa anumang uri ng produkto o serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring bayaran, nang buo man o hindi, ng Medicare, Medicaid, o katulad na programa ng pagbabayad sa pangangalagang pangkalusugan ng gobyerno sa U.S. o ibang bansa.

Dapat mo ring tiyakin na kumpleto at tama ang inyong mga talaan ng mga pakikitungo sa negosyo sa mga ahensya at entity ng gobyerno, at hindi kayo magsu-submit ng hindi tama o iba pang hindi wastong paghahabol para sa pagbabayad sa gobyerno o maging dahilan upang gawin ito ng Kumpanya.

Ang hindi pagsunod sa mga batas, regulasyon, at prinsipyong ito ay maaaring magsailalim sa Kumpanya at mga indibidwal na miyembro ng team sa mga administratibo, sibil, o maging mga kriminal na multa at parusa. Bilang karagdagan, ang paglabag sa mga batas sa pandaraya at pang-aabuso ay maaaring magresulta sa pagbubukod ng Kumpanya o mga indibidwal na miyembro ng team mula sa paglahok sa mga programa ng pangangalagang pangkalusugan ng pederal ng U.S. o mga katulad na programa sa ibang mga bansa.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga wastong pamamaraan na susundin sa pakikipag-ugnayan o pakikipagkontrata sa mga ahensya o entity ng gobyerno, dapat kayong makipag-ugnayan sa lokal na Lider sa Pagsunod at/o Legal.

28

Pagsunod sa mga batas

Ang mga miyembro ng team ay dapat sumunod sa lahat ng naaangkop na batas, regulasyon at panuntunan, kasama ang ngunit hindi limitado sa mga inilarawan sa dokumentong ito.

Mga batas sa fraud at pang-aabuso

Sa United States, pangkalahatang ipinagbabawal ng mga pederal at pang-estadong batas ang pag-aalok o pagbibigay ng anumang may halaga sa isang tao o entity para mahikayat silang bumili, irekomenda ang pagbili ng, o gumawa ng referral para sa anumang uri ng produkto o serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan na maaaring bayaran, nang buo o hindi, ng Medicare, Medicaid o iba pang pederal na programa sa pangangalagang pangkalusugan ng U.S. Sa maraming estado sa U.S., kasama sa pagbabawal na ito ang mga produkto o serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na nire-reimburse ng mga commercial insurer o ng pasyente. May mga katulad na batas sa iba pang bansa na nagbabawal ng mga transfer of value sa mga doktor, pharmacist, o iba pang indibidwal o entity para mahikayat o gantimpalaan ang referral ng mga produkto o serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang ganitong mga pagbabayad ay tinatawag minsan na "mga kickback." Kabilang sa mga halimbawa ng mga pagbabayad o iba pang transfer of value na maaaring ituring na mga labag sa batas na kickback sa ilalim ng mga batas ng U.S. at iba pang mga bansa ay kinabibilangan ng:

- Mga diretsahang pagbabayad ng cash.
- Libreng mga produkto at serbisyo.
- Reimbursement ng mga gastos sa tauhan.
- Mga regalo, entertainment/mabuting pakikitungo o magarbong pagkain.

Ipinagbabawal din ng pederal na batas ng U.S. ang paggawa o pagdudulot sa iba na gumawa ng mali o mapanlinlang na paghahabol para sa pagbabayad sa ilalim ng mga programa ng pamahalaan gaya ng Medicare. Ang mga paglabag sa mga batas sa U.S. anti-kickback at maling claim ay maaaring magresulta sa matinding parusa, kabilang ang mga sibil at kriminal na parusa para sa Kumpanya at sa indibidwal na kasangkot, at posibleng hindi isama sa mga pederal na programa sa pangangalagang pangkalusugan ng U.S. May mga katulad na parusa na maaaring gamitin sa mga paglabag sa anti-kickback at mga batas sa maling pag-claim sa ibang mga bansa.

Ang pangkalahatang pagbabawal sa ilalim ng batas ng pederal na anti-kickback ng U.S. sa pag-aalok ng mga insentibo sa mga customer at supplier ay hindi naaangkop sa pag-aalok ng mga naaangkop na rebate o iba pang mga diskwento na sumusunod sa mga kinakailangan ng Discount Safe Harbor at anupamang naaangkop na batas o regulasyon. Ang mga diskwento at rebate ay pinapayagan sa ilalim ng Discount Safe Harbor kung malinaw na tinutukoy ang mga ito, at ipinaalam sa customer ang obligasyon nitong managot at wastong i-report ang anumang diskwento nang alinsunod sa mga kinakailangan sa pagre-report ng mga batas sa fraud at pang-aabuso.

Sa ibang mga bansa kung saan nagnenegosyo ang Cencora, maaaring may mga katulad na uri ng mga paghihigpit at batas sa mga rebate o diskwento. Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa pagsasaayos o panukala ng rebate o diskwento, makipag-ugnayan sa inyong lokal na Lider sa Pagsunod at/o Legal para talakayin.

Mga batas Laban sa Panunuhol at Laban sa Katiwalian

Ipinagbabawal ng Cencora ang anumang paraan ng suhol, kickback, o katiwalian. Walang miyembro ng team o sinumang kumikilos sa ngalan ng isang miyembro ng team ang maaaring mag-alok, magbayad, humiling, o tumanggap ng mga suhol, kickback, o hindi tamang pabuya ng anumang uri sa o mula sa sinumang indibidwal, opisyal man ng gobyerno o pribadong partido ang indibidwal na iyon. Pinagbabawalan ng Cencora ang mga miyembro ng team nito na masangkot sa money laundering o iba pang hindi wastong paggamit ng pera.

Ang pagbabawal na ito sa mga suhol, kickback, at tiwaling aktibidad kabilang ang money laundering ay naaangkop sa kabila ng anumang pagkakaiba sa kultura at tradisyong pangnegosyo sa iba't ibang lokasyon kung saan nagnenegosyo ang Cencora.

Ipinagbabawal ng mga batas ng United States (sa pamamagitan ng U.S. Foreign Corrupt Practices Act), ng United Kingdom (sa pamamagitan ng U.K. Bribery Act 2010) at iba pang bansa ang direkta o hindi direktang pagbibigay ng anumang may value sa mga opisyal ng gobyerno o pribadong panig para magkaroon ng hindi wastong kapakinabangan sa negosyo. Maraming uri ng panunuhol o kickback, kabilang ang mga cash na pagbabayad, regalo, mamahaling pagkain, o iba pang pabor gaya ng pagbibigay ng mga libreng serbisyo sa isang indibidwal kapalit ng pangnegosyong desisyong pabor sa nagbibigay. Bilang bahagi ng dedikasyon nito sa mga tamang kasanayan sa negosyo, pinagbabawalan ng Cencora ang mga miyembro ng team nito na mag-alok, mag-awtorisa, magbigay, o mangakong magbabayad ng mga suhol o kickback. Patas na naaangkop ang mga pagbabawal na ito sa mga ahente, consultant, at independent contractor na kumikilos para o sa ngalan ng Kumpanya. Ang mga ahente, consultant, at independent contractor ay dapat sumunod sa paninindigan ng Kumpanya sa pagsunod sa Laban sa Panunuhol/Laban sa Katiwalian at mapapailalim sa mga kinakailangan ng due diligence at pagsubaybay batay sa antas ng panganib sa pagsunod na nauugnay sa mga aktibidad nila.

Ang mga paglabag sa mga batas Laban sa Panunuhol/Laban sa Katiwalian ay maaaring magresulta sa kriminal na paglilitis at matitinding parusa para sa Kumpanya at sinumang miyembro ng team o iba pang taong nasasangkot sa paglabag. Inaasahang idudulog ninyo kaagad ang anumang kaduda-dudang mga gawi na naglalabas ng mga alalahanin sa panunuhol o katiwalian sa atensiyon ng Punong Opisyal sa Pagsunod, ng Punong Opisyal kaugnay sa Batas o mag-report sa pamamagitan ng programang SpeakUp. Kabilang sa mga kaduda-dudang gawi ang anumang kahilingan mula sa isang opisyal ng gobyerno para sa suhol, o anumang hindi etikal o ilegal na pag-uugali ng Kumpanya o sinumang miyembro ng team na nauugnay sa panunuhol o mga kickback. Hinihikayat kayong humingi ng tulong mula sa Opisina ng Pagsunod, sa Legal Department o iba pang available na sangguniang inilalarawan sa Kodigo na ito kung mayroon kayong anupamang tanong tungkol sa kung may partikular na uri ng asal na pinapayagan sa ilalim ng mga batas Laban sa Panunuhol at Laban sa Katiwalian na maaaring nauugnay sa inyong mga aktibidad.

Mga batas sa antitrust at kompetisyon

Ipinagbabawal ng mga batas sa antitrust at kompetisyon ang mga pagsisikap na limitahan ang kompetisyon sa pagitan ng mga kumpanyang magkakumpitensya sa negosyo sa marketplace. Kabilang sa mga ipinagbabawal na pagsisikap at pagkilos ang price fixing, bid rigging, at paghahatian sa merkado na hindi makatuwirang nakakasagabal sa kalakalan.

Dapat kayong partikular na mag-ingat kapag nakikipag-ugnayan kayo sa sinumang empleyado o kinatawan ng mga kakumpitensya ng Kumpanya. Sa anumang sitwasyon, hindi dapat kayo makipagtalakayan o makipagkasundo sa isang kakumpitensya hinggil sa:

- Mga presyo o estratehiya sa pagpepresyo
- Mga diskwento
- Mga Tuntunin ng mga ugnayan sa customer ng Kumpanya
- Mga patakaran sa sales
- Mga plano sa marketing
- Pagpili ng customer
- Pagtatalaga ng mga customer o sakop sa merkado
- Mga tuntunin sa kontrata at mga estratehiya sa pangongontrata

Ang iba pang kasanayang hindi nauugnay sa mga kakumpitensya ay maaaring magresulta sa mga sibil na paglabag ng mga batas sa antitrust at kompetisyon depende sa kanilang katwiran sa negosyo at epekto sa kompetisyon. Kasama sa mga kasanayang ito ang:

- Eksklusibong pakikitungo
- Mga alok na bundle/package
- Mga paghihigpit sa resale
- May pinipiling pagbibigay ng diskwento

Dapat kayong makipag-ugnayan sa Legal Department kung may anumang tanong tungkol sa pagiging legal ng mga kasanayan o pag-uugali sa ilalim ng mga batas sa antitrust at kompetisyon.

Pagsunod sa karapatang pantao at patas na kasanayan sa trabaho

Naninindigan ang Cencora sa pagsunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon kaugnay ng pagsunod sa karapatang pantao, patas na kasanayan sa trabaho, at pagbabawal sa pang-aalipin, sapilitang trabaho, pagpapatrabaho sa bata, human trafficking, at sekswal na pananamantala sa anumang lokalidad kung saan nagnenegosyo ang Kumpanya. Ang Cencora ay may matagal nang dedikasyon sa mga pangunahing karapatang pantao at sa pagpapaganda ng buhay sa pamamagitan ng paggawa ng mga solusyong nakakatulong sa mga buhay ng mga pinaglilingkuran natin: ating mga customer, pasyente, supplier, partner, miyembro ng team, at komunidad sa buong mundo.

Mariin na sinusuportahan at pinangangalagaan ng Kumpanya ang dignidad at halaga ng bawat indibidwal at ang pagsusulong ng lugar ng trabaho na kabilang ang lahat, may pagtutulongan, at bukas sa pagkakaiba-iba kung saan ang mga miyembro ng team na may iba't ibang pinagmulan ay pinakikitunguhan nang patas, may dignidad, at may respeto. Naniniwala kami sa pananagutan, integridad, at katapatan sa pakikitungo sa mga customer, supplier, at panregulatoryong entidad. Dahil dito, ang paninindigan natin sa karapatang pantao ay higit sa sarili nating pagpapatakbo sa buo nating value chain. Dapat ding pangalagaan ng mga supplier natin ang mga karapatang pantao ng mga manggagawa at dapat nila silang pakitunguhan nang may dignidad at respeto.

Naninindigan din ang Cencora sa pagbabawal ng modernong pang-aalipin at human trafficking sa negosyo at supply chain nito. May iba't ibang anyo ang mga naturang ipinagbabawal na sapilitang trabaho, kabilang ang paghingi ng mga referral fee sa mga manggagawa para matanggap sila sa trabaho o pagkakait sa mga manggagawa ng kanilang mga dokumento sa pagkakakilanlan o imigrasyon.

Ang mga miyembro ng team at sinumang nagtatrabaho sa ngalan ng Kumpanya (kabilang ang aming mga supplier) ay hindi dapat makisali sa pang-aabuso sa karapatang pantao sa anyo ng pang-aalipin, sapilitang paggawa o indentured na paggawa, pagpaparusa sa katawan, sekswal na pagsasamantala, o pagpapatrabaho sa bata. Nagpapatupad ang Kumpanya ng Patakaran sa Karapatang Pantao na tumutugma sa mga prinsipyo ng maraming pamantayang kinikilala sa mundo, at nagpapatibay sa paninindigan ng Kumpanya sa pagbabawal sa anumang anyo ng pagpapatrabaho sa bata at sapilitang pagtatrabaho, at sa pagkilala sa kalayaan ng empleyado na sumapi sa samahan, sa karapatan sa collective bargaining, at proteksyon sa diskriminasyon sa trabaho.

Mga batas at parusa sa pagkontrol sa internasyonal na kalakalan

Dahil ang Kumpanya ay naghahatid ng mga produkto, serbisyo, at teknolohiya sa maraming bansa sa buong mundo, dapat sumunod ang Kumpanya sa iba't ibang batas na kumokontrol sa pag-import at pag-export ng mga produkto. Halimbawa, maaaring ilegal na makipagkalakalan sa ilang partikular na bansa o sa mga indibidwal at entity na napapailalim sa mga trade sanction. Ang iba't ibang mga batas sa customs ay naglalagay din ng mga paghihigpit sa pag-import at pag-export ng mga kalakal sa ilang mga bansa. Kung ang inyong trabaho ay kinabibilangan ng pakikipagkalakalan sa ibang mga bansa, kailangan ninyong maging pamilyar sa mga proseso at kinakailangan na naaangkop sa inyong trabaho. Ang bawat isa sa atin ay dapat maging alerto para matiyak na sumusunod tayo sa mga naaangkop na internasyonal na batas at regulasyon sa kalakalan sa mga bansa kung saan tayo nagnenegosyo. Ang mga kahihinatnan para sa mga paglabag sa mga batas na ito ay maaaring maging malubha para sa Cencora at sa mga miyembro ng team na kasangkot.

Nakadepende sa maraming salik kung maaaring i-export sa ibang bansa ang isang produkto o teknolohiya, tulad ng katangian ng item, ang bansang pinagmulan at destinasyon ng item, at end use at end-user nito. Maaaring kailanganin ng Kumpanya na kumuha ng mga lisensya sa pag-import o pag-export at beripikahin ang pagiging karapat-dapat ng tatanggap na tumanggap ng anumang mga item sa labas ng bansang pinagmulan.

Dapat ding sumunod ang Kumpanya sa lahat ng naaangkop na internasyonal na batas sa kalakalan at economic sanction at embargo, kabilang ang, ngunit hindi ito limitado sa:

- U.S., U.K., European Union, o iba pang mga paghihigpit sa pakikipagkalakalan sa Iran, Cuba, North Korea, Syria at ilang iba pang bansa o rehiyon na napapailalim sa economic sanction at embargo.
- Mga paghihigpit sa pakikipagnegosyo sa mga indibidwal o entity sa listahan ng Specially Designated Nationals na pinapanatili ng gobyerno ng U.S. o iba pang katulad na listahan na pinananatili ng U.S., U.K., o iba pang gobyerno.
- Mga paghihigpit sa pag-export ng ilang partikular na produkto sa mga bansa o para sa mga end-use o sa mga end-user na maaaring ipinagbabawal sa ilalim ng U.S., U.K., o iba pang naaangkop na batas nang walang kinakailangang lisensya.

Kung paanong ang Kumpanya ay hindi maaaring makipagkalakalan sa mga hindi karapat-dapat na tao, entity, o bansa, alinman sa Kumpanya o alinman sa mga miyembro ng team nito ay maaaring humiling sa isang third party na makilahok sa aktibidad na ito sa ngalan ng Kumpanya.

Pinagbabawalan ang Kumpanya na makisali o magpakita ng suporta sa mga boycott laban sa ilang partikular na bansa o kumpanyang walang sanction ng gobyerno ng U.S. Maaaring hilingin sa amin ng batas na i-report ang anumang kahilingang lumahok sa isang walang sanction na boycott sa iba't ibang gobyerno. Sa dahilang iyon, kung naniniwala kayong nakatanggap kayo ng hindi wastong kahilingang mag-boycott o kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa mga hindi awtorisadong pag-boycott, mahalagang abisuhan ninyo kaagad ang Legal Department o ang Opisina ng Pagsunod.

Para sa karagdagang gabay sa mga kontrol sa pag-import at pag-export, mga parusa sa kalakalan, mga embargo, mga batas at regulasyon laban sa boycott, o anumang iba pang usapin sa batas sa internasyonal na kalakalan, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong lokal na Lider sa Pagsunod at/o Legal.

Insider trading

Sa panahon ng inyong pagtatrabaho o serbisyo sa Kumpanya, maaaring may malaman kayong mahahalagang impormasyon tungkol sa Kumpanya na hindi pa nailalabas sa publiko at maaaring mahalaga sa desisyon ng isang investor na bumili o magbenta ng stock ng Kumpanya o iba pang security. Maaaring kasama sa mahalagang hindi pampublikong impormasyon, halimbawa, ang mga plano para sa mga merger o acquisition, mga marketing strategy, pinansyal na resulta, o iba pang kumpidensyal na pakikipagnegosyo. Patakaran ng Kumpanya na walang miyembro ng team ang dapat:

- Habang nagmamay-ari ng materyal, hindi-pampublikong impormasyon ay nakikipagkalakalan sa alinman sa securities ng Kumpanya.
- Sabihin ang materyal, hindi pampublikong impormasyon sa iba sa labas ng Kumpanya na hindi awtorisadong tumanggap ng naturang impormasyon.
- Irekomenda ang pagbili o pagbebenta ng securities sa sinuman batay sa materyal, hindi pampublikong impormasyon.

Ang Kumpanya ay gumamit ng mga quarterly na trading blackout period kung saan ang mga director, executive officer, at ilang partikular na nakatalagang miyembro ng team ay hindi maaaring bumili o magbenta ng securities ng Kumpanya alinsunod sa Insider Trading Policy ng Kumpanya.

Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol sa iminungkahing pagbebenta o pagbili ng stock o iba pang security ng Kumpanya, makipag-usap sa Punong Opisyal kaugnay sa Batas o ang Kalihim ng Kumpanya bago isagawa ang iyong trade.

Pandaigdigang privacy sa data at seguridad

Sa pagtaas ng digitization ng empleyado, kalusugan, pananalapi at iba pang personal na impormasyon, ang mga pagsusumikap ng Kumpanya na angkop na mangolekta, mag-secure at mag-alis ng personal na impormasyon ay nahaharap sa mas matitinding pangingilatis ng mga regulator, customer, at iba pang stakeholder. Bilang karagdagan, ang mga legal, pinansyal, at panreputasyong kinahihinatnan ng mga lantad sa publiko na data breach ay patuloy na lumalaki, kaya ang pagtiyak sa pagiging sapat ng pagsunod ng Cencora sa privacy at seguridad ay naging pangunahing priyoridad sa kabuuan ng aming mga pandaigdigang operasyon.

Para maayos na gabayan at pangasiwaan ang pagsunod ng Censora sa mga batas sa privacy, regulasyon at pinakamagandang kasanayan, ang Kumpanya ay nagtatag ng isang programa sa privacy na idinisenyo para matiyak ang pagsunod ng Censora sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa privacy – higit sa lahat, ngunit walang limitasyon, Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA), General Data Protection Regulation (GDPR) at isang lumalagong mga batas sa antas ng estado sa United States.

Ang Cencora ay nakatuon sa pagprotekta sa kumpidensyal na impormasyon ng mga miyembro ng team alinsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon kabilang ang, halimbawa, ang data na nauugnay sa medikal, pamilya, at iba pang impormasyong nagbibigay ng personal na pagkakakilanlan. Naninindigan din ang Kumpanya sa pag-iingat sa kumpidensyal na impormasyong makukuha mula sa mga supplier, customer, at iba pang third party.

Ang mga katanungan tungkol sa privacy/seguridad ng data ay dapat na idirekta sa privacy@cencora.com.

Kumpidensyal na impormasyon ng pasyente

Ilang partikular na subsidiary ng Kumpanya ang nangongolekta, nagpapanatili, o may access sa impormasyon ng pasyente, gaya ng mga medikal na kondisyon, medikal na kasaysayan, nakaraang gamot at kaugnay na pinansyal na impormasyon. Sa United States, maaari mong gamitin, sabihin o talakayin ang impormasyong partikular sa pasyente sa iba alinsunod lamang sa naaangkop na batas (HIPAA at, sa ilang kaso, batas ng estado) at alinsunod sa naaangkop na mga obligasyon sa kontrata na nagbubuklod sa Cencora at/o sa mga miyembro ng team nito. May mga karagdagang batas, panuntunan, o regulasyon sa privacy na maaaring malapat sa aming mga miyembro ng team kapag nag-aasikaso ng data para sa mga pasyenteng nasa labas ng United States. Halimbawa, sa ilalim ng GDPR at mga katulad na batas sa U.K. at iba pang mga bansa kung saan nakikipagnegosyo ang Cencora, ang impormasyong pangkalusugan ay isa sa mga katagorya ng personal na data na binibigyan ng karagdagang mga proteksyon at ang mga karagdagang karapatan ay ibinibigay sa mga indibidwal na may kinalaman sa kanilang impormasyon sa kalusugan. Alinsunod dito, dapat protektahan ng mga miyembro ng team ang anumang impormasyon ng pasyente na mayroon silang access o nasa kanilang kontrol.

Ang ilang partikular na miyembro ng team ay makakatanggap ng pagsasanay tungkol sa paggamit ng impormasyon ng pasyente na naaangkop para sa mga responsibilidad ng mga miyembro ng team na iyon. Para sa mas detalyadong mga instruksyon tungkol sa paggamit, pagsasabi, at proteksyon ng impormasyon ng pasyente, sumangguni sa Patakaran sa Privacy ng Data ng Kumpanya at sa Mga Patakaran at Pamamaraan sa Privacy ng HIPAA o mag-email sa privacy@cencora.com.

Pag-audit at imbestigasyon ng gobyerno

Ang patakaran ng Kumpanya ay ganap na makikipagtulungan sa lahat ng imbestigasyon ng gobyerno. Para matiyak na ang lahat ng pagtatanong at imbestigasyon ng gobyerno ay napapangasiwaan sa maayos at mahusay na paraan, ang lahat ng kahilingan ng gobyerno para sa impormasyon, pag-audit at imbestigasyon, pati na rin ang paglalathala ng mga subpoena at search warrant, ay dapat i-report kaagad sa Legal Department para maasikaso.

Pangkapaligiran, Panlipunan at Pamamahala (Environmental, Social & Governance, ESG)

Bilang organisasyon, nagtutulungan tayo para maipagpatuloy ang ating pangako na maging responsable sa kapaligiran at lipunan sa pamamagitan ng pagsuporta sa ating mga miyembro ng team sa pangangalaga sa ating mga layuning pangkapaligiran at panlipunan at pakikipagtulungan sa ating mga supplier at partner para matukoy ang mga oportunidad para sa pagpapahusay.

Ang Cencora ay nakatuon sa pagprotekta sa kalusugan at kapakanan ng ating mga tao at ng planeta sa pamamagitan ng pagsasagawa ng ating negosyo sa paraang responsable sa kapaligiran, panlipunan, at etikal. Bukod pa rito, responsable ang Cencora sa pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa kapaligiran.

Mayroon kaming mga prosesong ginagamit upang i-cross-functional na pamahalaan ang diskarte ng aming kumpanya sa ESG at subaybayan ang pag-usad.

Para sa mas detalyadong impormasyon, kumonsulta sa report ng Cencora Environmental, Social and Governance sa [esg.cencora.com](https://www.cencora.com/esg).

36

Proteksyon at tamang paggamit ng mga asset ng kumpanya

Paggamit ng pag-aari ng kumpanya

Ang bawat miyembro ng team ay may tungkuling protektahan ang mga asset ng Kumpanya at tiyaking ang pag-aari ng Kumpanya ay gagamitin para sa wastong layunin ng negosyo para sa kapakinabangan ng Kumpanya. Dapat gamitin ng mga miyembro ng team ang mga pinagkukunan ng Kumpanya sa komunikasyon at teknolohiya, kabilang ang telepono, email, computer, at mga sistema ng internet, sa angkop at responsableng paraan. Kontakin ang Opisina ng Seguridad ng Impormasyon para sa gabay sa naaangkop na paggamit ng pag-aari ng Kumpanya, kabilang ang mga mapagkukunan ng teknolohiya ng impormasyon ng Kumpanya at kagamitan sa computer.

Para sa higit pang mga detalye, sumangguni sa Patakaran ng Kumpanya sa Katanggap-tanggap na Paggamit.

Kawastuan at integridad ng mga talaan ng negosyo

Naninindigan ang Kumpanya sa paggawa at pangangalaga ng mga talaan ng negosyo na tama at kumpleto. Walang itatalang hindi tama o mapanlinlang na mga entry sa mga libro at talaan ng Kumpanya. Mahigpit na ipinagbabawal ang pamemeke ng anumang talaan ng Kumpanya. Walang gagawing “off-the-books” na account at/o “sekretoong pondo” para sa anumang layunin. Walang impormasyong hindi totoo o mapanlinlang na isa-submit sa anumang invoice, billing statement, o paghahabol na isa-submit sa isang pasyente, customer, programa ng pangangalagang pangkalusugan o anupamang third-party na tagapagbayad para sa pagbabayad.

Ang sinumang miyembro ng team na may kaalaman o impormasyon tungkol sa anumang maling entry, slush fund o mapanlinlang na aktibidad ay dapat na agad na i-report ang impormasyong ito sa kanyang supervisor. Kung ang pag-report sa iyong supervisor ay hindi naaangkop o magiging hindi epektibo, o kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa wastong paggamit ng mga asset ng Kumpanya, mga libro at/o mga talaan, kontakin ang Lider sa Pagsunod at/o Legal para sa iyong subsidiary o operating group, ang Punong Opisyal sa Pagsunod o ang programang SpeakUp.

Hinihiling ng batas sa Kumpanya na magpanatili ng ilang partikular na uri ng tala ng negosyo para sa mga tinukoy na tagal ng panahon. Ang kabiguang makapagpanatili ng mga dokumento sa loob ng hinihinging tagal ng panahon ay maaaring magresulta sa mga parusa at multa sa Kumpanya, ikasala ng Kumpanya laban sa hukuman, magmistulang humahadlang ang Kumpanya sa katarungan, o mailagay ang Kumpanya sa seryosong pagiging dehado sa paglilitis.

Kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa mga patakaran sa pagpapanatili ng mga talaan, makipag-ugnayan sa Administrador ng Mga Rekord ng Korporasyon sa: RecordsManagement@cencora.com.

Kumpidensyal na impormasyon

Ang kumpidensyal na impormasyon sa negosyo ay mahalagang corporate asset sa Kumpanya na, kung sasabihin nang hindi naaangkop, maaaring makapinsala sa Kumpanya, at mga miyembro ng team, customer, at stockholder nito. Kasama sa kumpidensyal na impormasyon ang, ngunit limitado sa: data ng tauhan, mga listahan ng customer, pagpepresyo, at data ng gastos, siyentipiko o teknikal na impormasyon, data ng pananaliksik, mga strategic plan, mga marketing strategy at technique, mga data process, procedure, formula, o pagpapahusay sa mga ito at proprietary na computer software.

Ang lahat ng miyembro ng team ay dapat magkaroon ng mahigpit na kumpiyansa sa anumang impormasyong itinuturing na kumpidensyal ng Kumpanya. Ang mga miyembro ng team ay hindi dapat sabihin ang kumpidensyal na impormasyon sa sinumang tao, maliban kung ito ay may kaugnayan sa at para sa kapakinabangan ng negosyo ng Kumpanya at sa mahigpit na pagsunod sa mga patakaran at direktiba ng Kumpanya, o kung hindi man ay tahasang pinahihintulutan ng Kumpanya.

Kung ang inyong trabaho o kaugnayan sa Kumpanya ayon sa kontrata ay magwawakas sa anumang kadahilanan, kinakailangan pa rin ninyong protektahan ang pagiging kumpidensyal ng impormasyong nakuha ninyo habang kayo ay miyembro ng team ng Kumpanya. Dapat ninyong panatilihin itong kumpidensyal at huwag gamitin ito para makinabang ang inyong sarili o anumang third party.

Mga pakikipag-ugnayan at pagsisiwalat ng negosyo

Ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa negosyo ay posibleng maging nakapubliko sa kalaunan sa pamamagitan ng iba't ibang paraan, kabilang ang mga kahilingan ng gobyerno para sa impormasyon, paglilitis, o iba pang paraan. Samakatuwid, ang lahat ng pakikipag-ugnayan, kabilang ang email, ay dapat isulat sa propesyonal na paraan na, kung susuriin ng third party, ay magpapakita ng mabuti tungkol sa Kumpanya at sa inyo. Sa inyong mga pakikipag-ugnayang pangnegosyo:

- Huwag gumamit ng mapanira, mapanlait, mapanakit, racist o malaswang mga salita.
- Huwag isama ang mga negatibong personal na opinyon o haka-haka.
- Huwag gumawa ng mga legal na konklusyon maliban kung ikaw ay miyembro ng Cencora Legal Department.

Naninindigan ang Kumpanya sa patas na paghahayag sa mga investor alinsunod sa lahat ng naaangkop na batas sa seguridad at regulasyon ng New York Stock Exchange. Ang lahat ng pagsasabi na ginawa ng Kumpanya sa ating mga stockholder o sa komunidad ng investment ay dapat gawin lamang ng mga awtorisadong tauhan at dapat maging tama at kumpleto, at kung saan naaangkop, patas na maipakita ang ating pinansyal na kondisyon at resulta ng mga pagpapatakbo sa lahat ng mahalagang aspeto.

Walang miyembro ng team ang dapat makipag-ugnayan sa media tungkol sa negosyo ng Kumpanya, mga operasyon, o mga customer maliban kung partikular na pinahintulutan. Anumang mga kahilingan sa media ay dapat na ipasa sa Bise Presidente ng Panlabas na Pakikipagtalastasan.

Social media

Kasama sa social media ang blog, journal o diary, personal na website, social networking o affinity website, web bulletin board, o chat room na pagmamay-ari ng miyembro ng team o ibang tao.

Ang paggamit ng social media ay nagpapakita ng ilang mga panganib at may kaakibat na ilang partikular na responsibilidad. Kapag gumagamit ng social media, ang mga miyembro ng team ay dapat maging marespeto, tapat, at totoo, at mag-post lamang ng naaangkop at marespetong content na hindi nauugnay sa negosyo ng Kumpanya maliban kung partikular na awtorisado. Sa anumang kaso ay hindi maaaring sabihin ng isang miyembro ng team ang kumpidensyal o pagmamay-ari na impormasyon ng Cencora sa mga social media account.

Pagmamay-ari ng kumpanya sa intellectual property

Ang mga ideya, pagtuklas, pag-unlad, at imbensyon ng mga miyembro ng team ay mahalagang mga asset ng Kumpanya. Samakatuwid, ang bawat miyembro ng team ay dapat kaagad na sabihin sa Kumpanya nang nakasulat at sa paraan na kasiya-siya sa Kumpanya ang lahat ng ideya, konsepto, pagtuklas, pag-unlad, imbensyon, proseso, pagpapahusay o kaalaman (magkakasamang tinutukoy na "Intellectual Property") na nagawa, naisip o binawasan para gawin ng miyembro ng team, mag-isa man o kasama ng iba, sa panahon nila ng trabaho sa Kumpanya, kaugnay ng alinman sa mga negosyo ng Kumpanya, o sa anumang trabaho na maaaring gawin ng miyembro ng team para sa Kumpanya, o sa kahilingan nito. Ang lahat ng nasabing Intellectual Property ay pag-aari ng Kumpanya.

Ang bawat miyembro ng team, sa pamamagitan ng pagkilala saKodigo ng Etika na ito, ay itinatalaga ang lahat ng Intellectual Property sa Kumpanya para sa sarili nitong paggamit at pakinabang, nang walang karagdagang kabayaran at, sa panahon ng kanilang trabaho sa Kumpanya at kapag nagtapos na ang trabaho nila sa anumang dahilan, tutulong sila sa Kumpanya sa lahat ng tamang paraan (sa gastos ng Kumpanya), para makakuha at protektahan ang mga patent, copyright o iba pang proteksyon sa Intellectual Property para sa anuman o lahat ng Intellectual Property sa pamamagitan ng pagsasagawa at paghahatid sa Kumpanya ng alinman at lahat ng application, pagtatalaga, at iba pang instrumento, sa pamamagitan ng pagbibigay ebidensya at testimonya, at sa pamamagitan ng pagsasagawa at paghahatid sa Kumpanya ng lahat ng drawing, blueprint, tala, at mga detalye na itinuturing na makatwirang kinakailangan ng Kumpanya.

40

Respeto at kaligtasan ng mga miyembro ng team

Pantay na oportunidad sa pagkakaroon ng trabaho


Naninindigan ang Kumpanya sa pagbibigay ng lugar na patas ang oportunidad kung saan ang mga miyembro ng team ay tatratuhin nang patas, may dignidad, at may respeto. Ang Kumpanya ay employer na nagbibigay ng patas na oportunidad sa lahat ng patakaran nito hinggil sa recruitment, hiring, mga transfer, promotion, kabayaran, benepisyo, layoff, recall at iba pang tuntunin at kondisyon ng trabaho. Ang lahat ng patakaran ay paiiralin nang hindi tumitingin sa lahi, kulay, relihiyon, kasarian, sekswal na oryentasyon, pangkasariang pagkakakilanlan, genetic na impormasyon, bansang pinagmulan, edad, katayuan sa pag-aasawa, kapansanan, katayuan sa pagiging beterano, o pagiging kabilang sa anupamang pangkat na pinoprotektahan ng naaangkop na batas. Ang lahat ng desisyon ng tauhan ay gagawin gamit ang mga layunin na pamantayan batay sa mga kwalipikasyon at performance ng indibidwal na nauugnay sa trabaho. Ang Kumpanya ay nagbibigay rin ng makatwirang akomodasyon sa mga aplikante at miyembro ng team na nangangailangan ng mga ito sa mga medikal o panrehiliyon na dahilan, ayon sa hinihiling ng batas.

Pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama

Ang Kumpanya ay nakatuon sa pagpapaunlad ng isang pandaigdigang lugar ng trabaho na pinahahalagahan ang pagkakaiba-iba, pagkakapantay-pantay, at pagsasama, sa pamamagitan ng paggawa ng mga daan para sa bawat miyembro ng team para umunlad, pagpapalawak ng mga pagkakataon para sa mga taong may iba't ibang kakayahan, paggawa ng positibong epekto sa ating mga komunidad, at paggawa ng progreso nang may transparency at pananagutan. Ang lahat ng miyembro ng team ay may pananagutan sa paggawa ng kultura ng pagiging kabilang sa lugar ng trabaho na nagbibigay ng prayoridad sa pantay na pagtrato, pagsasama-sama ng mga pagkakaiba, paggawa ng desisyon na kabilang ang lahat, sikolohikal na kaligtasan, pagtitiwala, at pagiging kabilang.

Pangha-harass / Karahasan sa lugar ng trabaho

Naninindigan ang Kumpanya sa pagbuo ng lugar ng trabaho na walang pangha-harass at pananakot at ligtas para sa lahat ng mga miyembro ng team. Hindi kinukunsinti ng Kumpanya ang mga birong mapanira o namamahiya, paninira, intimidasyon, pasalita o pisikal na ugnayan na may sekswal na katangian, o iba pang nangha-harass na pag-uugaling nakakasagabal sa performance sa trabaho ng isang indibidwal o nakakagawa ng lugar ng trabaho na nakakatakot, may alitan o mapanakit. Ang Kumpanya ay may zero-tolerance na patakaran para sa karahasan sa lugar ng trabaho.



Pag-abuso sa droga o alak

Naninindigan ang Kumpanya sa pagpapanatiling walang alak at droga sa lugar ng trabaho. Dapat kang mag-report sa trabaho nang walang impluwensya ng alkohol at ilegal na droga. Ang pagpasok sa trabaho nang nakagamit ng ilegal na droga o alkohol, o ang paggamit, pagkakaroon, o pagbebenta ng ilegal na droga habang nasa oras o ari-arian ng Kumpanya, ay magresulta sa pagdidisiplina.

May ilang miyembro ng team na maaaring gumagamit ng mga inirereseta o over-the-counter na gamot na maaaring makapinsala sa pag-iisip ng maayos o kakayahang kinakailangan para sa performance ng trabaho. Kung mayroon kayong mga tanong hinggil sa epekto ng mga naturang gamot sa performance ninyo sa trabaho o kung may mapapansin kayong taong mukhang nahihirapan sa performance nila sa trabaho, kumonsulta sa inyong supervisor, o kontakin ang programang SpeakUp. Paminsan-minsan, ang pag-inom ng alak ay maaaring payagan sa mga social event na sponsored o inaprubahan ng Kumpanya. Inaasahan sa mga miyembro ng team na pipiliing uminom ng alak sa mga naturang event na kumilos nang responsable at umiwas na malasing o mawala sa katinuan.

Privacy ng miyembro ng team

Naninindigan ang Kumpanya sa pagprotekta ng impormasyong medikal, pampamilya, at personal ng mga miyembro ng team sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagtalakay ng mga pribadong usaping hindi lehitimong “kailangang malaman” sa negosyo.

Maliban kung hinihiling ng naaangkop na batas, ang mga miyembro ng team ay hindi dapat umasa sa privacy sa impormasyong ipinapadala, natatanggap, ina-access o pinapasok sa alinman sa mga system, device, o network ng Kumpanya. May karapatan ang Kumpanya na suriin ang mga komunikasyon sa lugar ng trabaho, kasama ang ngunit hindi limitado sa aktibidad sa internet, email, mga instant message, social media o iba pang elektronikong mensahe, computer storage at voicemail, pati ang lugar ng trabaho na ibinibigay ng kumpanya sa mga miyembro ng team, anumang oras alinsunod sa mga naaangkop na batas.

44

Pananagutan para sa pagsunod sa Kodigo

Inaasahan ng Kumpanya sa pamunuan nito na mamuno sa pamamagitan ng pagiging halimbawa at ipamalas ang etikal na pag-uugaling hinihingi ng Kodigo sa lahat ng salik ng kanilang trabaho at kanilang pakikitungo sa mga miyembro ng team at ang publiko. Tinitiyak din ng Kumpanya ang pananagutan at pagsunod sa Kodigo sa pamamagitan ng paghiling sa mga miyembro ng team na muling basahin ang Mga Kodigo taun-taon, pagsasagawa ng mga background check sa ilang partikular na mga miyembro ng team, pagsusuri ng mga kontrata para sa pagsunod sa Kodigo, pag-iimbestiga ng mga report ng paglabag, at pagsasagawa ng mga pagdidisiplina kung saan naaangkop.

Taunang pagkilala

Sa pagsisimula ng trabaho sa Kumpanya, ang bawat opisyal at miyembro ng team ay hihilingin na kumpirmahin na sila ay susunod sa Kodigo na ito. Available din ang isang kopya sa Centro, sa portal ng SpeakUp, at sa pampublikong website ng Cencora. Ang pagsunod sa Kodigo na ito, sa mga patakaran at proseso ng Kumpanya at lahat ng naaangkop na batas ay kondisyon ng trabaho sa Kumpanya. Hihilingin sa iyo na muling basahin ang Kodigo nang kahit isang beses sa isang taon.

Pagsusuri ng mga kontrata

Hinihiling ng Kumpanya na ang lahat ng mahalagang kontrata ay suriin ng abogado ng Kumpanya bago malagdaan. Ang legal na pagsusuri ay nakakatulong sa Kumpanya na:

- Iwasan ang mga kontratang hindi naaangkop at labag sa batas.
- Tukuyin at bawasan ang hindi kanais-nais na mga probisyon sa kontrata.
- Pasukin ang mga kontratang naaangkop para sa mga sitwasyon ng negosyo at nang sumusunod sa Kodigo.

Tinitiyak din ng legal na pagsusuri na ang kontrata ay lalagdaan ng opisyal ng Kumpanya o miyembro ng team na may wastong antas ng awtoridad.

Ang Legal Department ay nakabuo ng mga standard na form ng kasunduan para sa ilang partikular na usaping pangnegosyo na maaaring gamitin nang walang legal na pagsusuri sa kondisyong gagamitin ang mga ito alinsunod sa mga kalakip na instruksyon. Ang anumang malaking pagtaliwas sa anumang standard na form ay nangangailangan ng legal na pagsusuri.

Makipag-ugnayan sa abogado ng Kumpanya na nakatalaga sa inyong subsidiary o operating group kung mayroon kayong anumang pangangailangan para sa pagsusuri ng kontrata o kung mayroon kayong anumang tanong hinggil sa isang kontrata. Sa ilang partikular na sitwasyon, mariing ipinapayo, o kinakailangan, na magkaroon ng nakasulat na kasunduan. Maaari kayong tulungan ng inyong Company lawyer sa pagtukoy kung kinakailangan ang isang nakasulat na kontrata.

Mga aksyong pandisiplina

Maaari kayong disiplinahin ng Kumpanya kung matutukoy nitong ginawa ninyo ang sumusunod:

- Nag-awtorisa o nakibahagi sa mga aktibidad na lumalabag sa Kodigo, mga patakaran at proseso ng Kumpanya o ang batas.
- Nabigong mag-report ng paglabag ng Kodigo, mga patakaran at proseso ng Kumpanya o ang batas.
- Gumawa ng maling ulat tungkol sa pinaghihinalaang paglabag upang makapinsala o gumanti sa ibang tao.
- Nabigong kumpletuhin ang mandatoryong pagsasanay sa pagsunod at/o kumpletuhin ang pagkilala para sa Kodigo na ito.
- Nabigong makipagtulungan sa isang imbestigasyon, kabilang ang pagsisinungaling sa panahon ng imbestigasyon.
- Gumanti sa isang indibidwal na may mabuting hangarin dahil sa pag-report ng pinaghihinalaang paglabag.

Ang uri ng pagkilos ay magdedepende sa uri, kalubhaan, at dalas ng paglabag at maaaring kasama ang anuman sa o lahat ng sumusunod: ang mapagsabihan, probation, pagkakasuspinde, kabawasan sa sahod o bonus, demotion, o pagpapalis sa trabaho. Bilang karagdagan, maaaring idemanda ng Kumpanya ang isang may sala na miyembro ng team para mabawi ang anumang pakinabang na nakuha sa maling paraan at, kung saan naaangkop, ipalitis ang isang may sala na miyembro ng team at sinupamang panig na nasasangkot alinsunod sa mga naaangkop na batas.

Kung mayroon kang dahilan para maniwala na nilabag ng isang miyembro ng team ang Kodigo na ito, dapat mong i-report kaagad ang paglabag gamit ang isa sa mga opsyon sa pagre-report na ibinigay sa Kodigo na ito.

Mga form para sa pag-apruba ng mga kodigo ng magandang pag-uugali at mga patakaran ng negosyo na dapat sundin

Para mapadali ang proseso para sa pagre-report at pag-apruba ng mga potensyal na salungatan, kaugnay sa Kodigo, ang ang Opisina ng Pagsunod ay nagbibigay ng mga elektronikong form sa Kodigo ng Etika sa portal ng SpeakUp at Centro. Gagabayan ng mga form na ito ang mga miyembro ng team sa proseso ng pagre-report at pag-apruba.

Ang mga halimbawa ng mga form ay kinabibilangan ng:

- Manager Incident Report
- Business Gratuities and Sponsorships
- Conflict of Interest Disclosure Report
- Vendor/Supplier Third Party Due Diligence Request
- Privacy Incident Report
- Advisory Engagements
- Innovative Field Solutions Rules of Engagement Incident Report

48

Mga contact para sa gabay o pagre-report sa ilalim ng Kodigo

Mga contact para sa gabay o pagre-report sa ilalim ng Kodigo

Kung mayroon kayong tanong tungkol sa Kodigo, mga patakaran ng Kumpanya, mga pamamaraan o iba pang gabay, kailangan ninyo ng tulong kung paano sumunod sa isang partikular na sitwasyon, may mga alalahanin tungkol sa anumang aspeto ng mga operasyon ng Kumpanya, magkaroon ng kamalayan sa anumang aktwal o pinaghihinalaang hindi wastong mga aktibidad, privacy o mga alalahanin sa pagsunod o mga paglabag sa Kodigo o iba pang mga patakaran ng Kumpanya, dapat kang makipag-ugnayan kaagad sa alinman sa mga sumusunod na mapagkukunan:

- Inyong Supervisor
- Ang iyong lokal na Punong Opisyal sa Pagsunod
- Ang Punong Opisyal sa Pagsunod
- Ang Punong Opisyal kaugnay sa Batas

Maaari kayong makipag-ugnayan sa mga sumusunod na opisyal o departamento sa mga address sa ibaba:

Chief Compliance Officer

Jennifer Dubas
Cencora

1 West First Avenue
Conshohocken, PA 19428

Telepono: 610.727.7329
jennifer.dubas@cencora.com

Chief Legal Officer

Elizabeth Campbell
Cencora

1 West First Avenue
Conshohocken, PA 19428

Telepono: 610.727.7404
elizabeth.campbell@cencora.com

Para sa Compliance support, kontakin ang

ooc@cencora.com

Para sa Privacy support, kontakin ang

privacy@cencora.com

Para sa mga pagtatanong o pagre-report nang hindi nagpapakilala:

Online na pagre-report
cencoraspeakup.ethicspoint.com

Cencora ayon sa impormasyon sa pagre-report ng bansa

United States	1.855.214.1479				
Argentina	0800.345.3121	Greece	800.848.1693	Portugal	800.180.750
Australia	1800961479	Hong Kong	800.963.987	Romania	0800.360.159
Austria	0800.232959	Hungary	80.088.476	Russia	8.800.100.63.45
Belarus	Online lang	India	000.800.919.1226	Serbia	Online lang
Belgium	0800.76.276	Ireland	1800851273	Singapore	800.852.6921
Brazil	0800.000.0475	Israel	1.809.399.871	Slovak Republic	0800.002.632
Bulgaria	080046249	Italy	800.729.258	Slovenia	Online lang
Canada	1.855.214.1479	Japan	0800.500.5703	South Africa	080.098.8815
Chile	800.914.302	Kazakhstan	Online lang	South Korea	080.880.0362
China	400.120.0546	Kenya	0800.211.225	Spain	900.998.491
Columbia	01.800.5190402	Latvia	Online lang	Sweden	020.12.70.35
Costa Rica	800.460.0028	Lithuania	8.800.00.314	Switzerland	0800.225.153
Croatia	0800.790.011	Macedonia	Online lang	Taiwan	00801.49.1609
Czech Republic	800.810.924	Malaysia	1.800.81.2630	Thailand	1800014575
Denmark	80.83.02.60	Mexico	800.681.9279	Turkey	0800.621.2383
Ecuador	1800001590	Netherlands	0800.0227093	Ukraine	0800.801.419
Egypt	Online lang	New Zealand	0800.633.145	United Arab Emirates	Online lang
Finland	0800.412008	Norway	800.62.319	United Kingdom	0808.196.5791
France	0.800.90.94.74	Peru	0800.78126	Uruguay	000.413.598.3951
Georgia	Online lang	Pilipinas	1800.1.322.0345	Venezuela	0212.3357785
Germany	0800.1819284	Poland	800.005.040	Vietnam	Online lang

Pagkilala sa pagtanggap at pag-unawa

Pinapatunayan ko na susunod ako sa mga Kodigo ng Etika at Pag-uugali sa Negosyo ng Cencora.

Naiintindihan ko na kung lalabag ako sa Kodigo na ito, mga patakaran at pamamaraan ng Cencora at/o anumang naaangkop na mga batas at regulasyon, maaari akong mapailalim sa pagdidisiplina.

Hihingi ako ng gabay sa mga isyu sa ethics at pagsunod kapag hindi ako sigurado kung paano kikilos.

Pinatutunayan kong wala akong nalalamang anumang salungatan ng interes o ipinagbabawal na aktibidad ayon sa pagkakatukey sa Kodigo na ito.

Pinatutunayan kong wala akong nalalamang anumang paglabag sa naaangkop na batas o sa Kodigo. Kung may kasalukuyan akong nalalaman, o may malalaman ako, na anumang paglabag o pinaghihinalaang paglabag sa naaangkop na batas o ang Kodigo, tinitiyak kong ipapaalam ko ito sa Opisina ng Pagsunod, sa Legal team, iba pang sanggunian sa Kumpanya na tinukoy sa Kodigo na ito, o sa programa ng SpeakUp sa cencoraspeakup.ethicspoint.com o sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng SpeakUp ng bansa.

Lagda

Nakasulat na pangalan

Petsa

ID ng miyembro ng team

Kumpanya / Lokasyon ng Cencora

Kami ay nagkakaisa sa aming
responsibilidad na gumawa ng
mas magandang kinabukasan.